# Philippine Biblical Worldview Institute
**Certificate in Christian Ministries**

# Introduction to Biblical Christian Worldview ©

Conrad Jun Tolosa

Revised August 23, 2021

## 400. God of the Bible

### 401. Transcendence

Ang Diyos ay napakatayog o *transcendent*. Siya ay lampas pa sa pinakamataas at pinaka-malalim na pang-unawa ng tao. Ang pagiging matayog o *transcendent* ay katangian na hindi nasasakop ng panahon, kalawakan at kaisipan ng tao. Bagamat ang Diyos ay nasa kabuoan ng panahon, kalawakan at isipan, Siya ay lampas pa sa lahat ng ito. Ang Diyos ay walang kapantay sa karunungan at kaalaman. Tunay na napakatayog ng Kanyang kaluwalhatian at kadakilaan.

May mga attributes ang Lord being referred to by theologians as non-communicable at ang tawag ko dito ay *transcendent* attributes tulad ng mga sumusunod: aseity (God is self-sufficient), eternality (God has no beginning and no end), infinity (God's attributes are limitless), spirituality (God is a spirit – He is not made of matter, He is not made of flesh and bones like man), glory (God is majestic), immutability (God never changes), omnipotence (God is all-powerful), omniscience (God knows everything that can be known) at omnipresence (God is everywhere all at once).

Iyan ang mga transcendent attributes ng God na mayroon tayong idea subalit di natin gaanong nauunawaan sapagkat napakatayog ng mga attributes na ito.

Ang tanong ay ito: Kaya bang arukin ng isipan ng tao ang kabuoan ng Diyos?

Matutunghayan natin ang kuwento ng Tore ng Babel sa Genesis 11:1-8. Maraming taon ang lumipas matapos ang dilubyo. Dumami na naman ang mga tao. Ang paglaganap at paglalakbay nila ay patungong silangan. Dumating sila sa Shinar at doon sila ay namirmihan. Ang sabi nila ay ganito, *Magtatag tayo ng isang siyudad na may toreng aabot sa langit upang tayo ay magkapangalan, at hindi mapadpad sa iba't ibang dako ng mundo at magkahiwa-hiwalay*. Ito ay labag sa kalooban ng Diyos. Ginulo ng Diyos ang kanilang iisang wika. At dahil hindi na sila magkaintindihan, sila ay nagkanya-kanya ng landas. Hindi na natuloy ang paggawa ng toreng aabot sa langit. Natupad ang kalooban ng Diyos na punuin ng tao ang mundo.

Marami sa ating mga Pinoy ang mahilig magdunung-dunungan. Yun bagang mga *know it all.* Sila ay mahilig mamilosopo subalit wala namang pinagbabasihan ang kanilang salita kundi sariling haka-haka. Kadalasan yun lamang ang kanilang ginagawa sa maghapon - - ang dumaldal. Puro salita, kulang sa gawa.

Hindi kayang arukin ng isipan ng tao ang kabuoan ng Diyos. Kailangan niya ng tulong upang magkaroon siya ng sapat na pang-unawa tungkol sa Diyos. Ang sabi ng Diyos sa Isaiah 55:8-9 ay ito, *For my thoughts are not your thoughts, neither are your ways my ways,* declares the LORD. *For as the heavens are higher than the earth, so are my ways higher than your ways and my thoughts than your thoughts*. Ibig sabihin, huwag na natin subukang unawain ng lubusan ang Diyos sapagkat di natin kakayanin.

Sa aklat ng Philippians 2:6-7 sinasabi na inalis muna ni Jesus ang kanyang kaluwalhatian at Siya ay nakibagay at namuhay nang tulad ng isang tao upang maipahayag Niya ang kalikasan at kalooban ng Diyos sa paraang maiintindihan ng tao.

Huwag sana tayong tumulad sa mga taga-Shinar na nagtangkang gumawa ng sariling daan tungo sa langit. Ating pagtiwalaan ang sinabi ni Cristo na Siya lamang ang daan tungo sa katotohanan, sa buhay at sa Diyos Ama (John 14:6). Ating tahakin ang daan na inihanda ng Diyos noong una pa man - - ang daan tungo sa pagpapatupad ng Kanyang plano para sa ating buhay at mundo.

## 402. Immanence

Parami ng parami ang mga tao na tumatanggi that God exist. Ang tawag ng bibliya sa kanila ay hangal. Kung naniniwala man, marami rin ang nagsasabi na masyadong matayog ang Diyos para maunawaan Siya ng tao. Siya ay totally other, kaya ang Diyos ay unknowable. Still marami rin ang naniniwala na ang Creator God matapos Niyang likhain ang universe ay wala na Siyang pakialam sa takbo ng mundo.

Kumbaga, bahala na ang tao sa kanyang buhay. Subalit, ibang-iba ang pahayag ng Bibliya patungkol sa pakikitungo ng Diyos sa tao na Kanyang nilikha.

Sa Genesis, mapag-aalaman natin na ang Diyos ay nakipagfellowship kay Adan at Eba bago sila nahulog sa kasalanan. Ito ang sinasabi sa Genesis chapter 3, matapos magkasala ang mag-asawa. *They heard the sound of the Lord God walking in the garden in the cool of the day, and Adam and his wife hid themselves from the presence of the Lord God among the trees of the garden. Then the Lord God called to Adam and said to him. Where are you? So, he said, "I heard Your voice in the garden, and I was afraid because I was naked; and I hid myself."*

Ibig sabihin ang Diyos noong panahon na iyon ay nakikipagtagpo kay Adam and Eve for fellowship and they walk in the garden. Kaya isang araw, nang hindi sumipot si Adan sa hardin, siya ay hinanap ng Diyos.

Binigyan ng Diyos nang payo si Cain nang siya ay nagkamali patungkol sa paghahandog.

Binalaan ng Diyos si Noah patungkol sa gagawin Niyang paggunaw sa mundo.

Nakipagtipan ang Diyos kay Abraham na pararamihin Niya ang kanyang angkan nang kasing-rami ng mga bituin sa kalangitan.

Kinatagpo ng Diyos si Moses upang siya ay maging kasangkapan sa pagpapalaya ng bayan ng Diyos sa pagka-alipin sa mga Egyptians.

And throughout the history, mayroong ginagawang pagbisita ang Diyos sa tao. At dahil sa panalangin at sa Bibliya, alam ng mga mananampalataya kung gaano kalapit ang Diyos sa kanila.

Ang Diyos ay napakalapit o *immanent.* Siya ay nananahan sa limitasyon ng panahon, kalawakan at kaisipan ng tao. Ang matayog na Diyos na hindi kayang abutin ng tao o unawain ng lubusan ay napakalapit din. Mayroon Siyang mga communicable attributes na makaka-relate tayo katulad ng love, joy peace, patience, goodness, kindness, gentleness, faithfulness at self-control. Tinatawag ko itong mga *immanent* attributes.

Ang sabi ni Haring David ay *The Lord is near to all who call upon Him, to all who call upon Him in truth. (Psalm 145:18)*

At ang sabi naman ni James ay *Draw near to God and He will draw near to you. (James 4:8)*

Samakatuwid, Ang transcendent God ay nagiging immanent God para sa mga tumatawag sa Kanya sa katotohanan at sa mga lumalapit sa Kanya.

Sa loob ng 2000 years ang Panginoong Diyos ay nakipagtipan at nagkaroon ng interaction sa Kanyang hinirang na bayang Israel sa pamamagitan ni Abraham, Isaac, Jacob and Joseph. Pagkatapos ay sa pamamagitan ni Moses at ni Joshua. At finally, sa pamamagitan ng mga propeta at mga naging hari ng hinirang na bansa.

Ang relationship na ito ng Diyos at Israel ay nagdulot ng pagpapala o paghihirap – nakadepende ito sa pagsunod o pagsuway sa mga kautusan ng Diyos na Kanyang inihayag sa Mt. Sinai kay Moses.

Sa simula, taglay ng tao ang tunay na wangis o larawan ng Diyos. Subalit dahil sa kasalanan, dumilim ang isipan ng tao at lumabo ng husto ang pagkakilala niya sa Diyos. Ang kasalanan ang dahilan sa pagdilim ng ating kaisipan at sa pagkahiwalay natin sa Diyos. At dahil sa kasalanan, pinalayas ng Diyos ang tao sa Paraiso.

Ang tanong ay ito: Kung ang Diyos ay napakatayog o transcendent, paano Siya mauunawaan ng tao?

Nang mahulog sa kasalanan sina Eba't Adan, nadiskubre nila na sila nga ay hubad at sila ay nahiya. Kumuha sila ng mga dahon sa halamanan na tinabas nilang panaklob. Subalit ang ginawa ng Diyos upang matabingan ang kanilang kahihiyan ay ang balutan sila ng balat ng hayop. Isipin natin na may namatay na hayop upang magamit ang kanyang balat na panaklob. May paraan ang tao, may paraan ang Diyos. Huwag sana tayong tumulad sa mga taga-Shinar na nagtangkang gumawa ng sariling daan tungo sa langit - sa pamamagitan ng paggawa ng napakataas na tore; o kina Adam at Eve na gumawa rin ng sariling paraan upang matakpan ang kanilang kahihiyan. May paraan ang tao subalit may paraan ang Diyos.

Madalas nating marinig ang kasabihang, "It's not what you know, but whom you know." Maliban sa lagay system, mayroon pa tayong padrino system. Kailangang may kakilala ka sa loob ng gobyerno para gumalaw ang papeles mo. Pati sa panliligaw, hahanap pa ng tulay ang lalaking may nakukursunadahan.

Nalungkot ang mga apostol nang sabihin sa kanila ng Panginoong Jesus na Siya ay kinakailangang magdusa, mamatay para sa kasalanan ng marami at mabuhay muli at pagkatapos ay bumalik sa Kanyang Ama. Upang hindi tuluyang manlugmok ang Kanyang mga disipulo, nangako si Cristo na Siya ay babalik upang sila ay Kanyang sunduin. At sinabi pa Niya, *Alam ninyo ang Aking daraanan*.

Sa sandaling ito, nagsalita si Tomas*, Panginoon hindi namin alam kung saan Ka pupunta, paano namin malalaman ang daan?* Sumagot si Cristo: *Ako ang daan at ang katotohanan at ang buhay. Walang makapaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko. Kung nakilala ninyo Ako, nakilala ninyo na rin ang Aking Ama. Mula ngayon, kilala n'yo na Siya at nakita n'yo na Siya.* (John 14:6-7)

Sa sandaling ito, nagsalita naman si Philip, *Panginoon, sapat na para sa amin ang ipakita Mo sa amin ang Ama.* Sumagot si Cristo, *Ang tagal niyo na Akong kasama, hindi mo pa ba Ako kilala Philip? Kung sino man ang nakakita sa Akin ay nakakita na sa Ama.* (John 14:8-9)

Samakatuwid, hindi natin kailangan ang padrino o tulay upang tayo ay makalapit sa Diyos. Si Cristo ang ating lapitan upang makarating ang ating mga panalangin sa matayog na Diyos.

Narito ang ilang sinasabi ng Bibliya tungkol kay Cristo: Siya ay *Immanuel* na ang ibig sabihinay *God with us* (Matthew 1:23); Siya at ang Ama ay iisa (John 10:30); Siya ang larawan ng di-nakikitang Diyos (Colossians 1:15); Si Cristo ang luningning ng kaluwalhatian ng Diyos, ang eksaktong representasyon ng Kanyang kalikasan at hawak ng Kanyang salita ang buong sansinukob (Hebrews 1:3).

Upang maunawaan ng tao ang napakatayog na Diyos, nagkatawang lupa ang Kanyang Anak na si Jesus. Sinasabi sa John 1:1 at 14 ang ganito: *Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkaroon ng laman at nanirahang kasakasama natin.*

Sa aklat ng Philippians 2:6-7 sinasabi na inalis muna ni Jesus ang kanyang kaluwalhatian at Siya ay nakibagay at namuhay nang tulad ng isang tao upang maipahayag Niya ang kalikasan at kalooban ng Diyos sa paraang maiintindihan ng tao.

Ang Diyos na malayo man ay naging malapit din.

## 403. Worship and Service

Ang pagsamba ay ang pagsambit ng ating pagmamahal sa Diyos at pagbibigay puri sa Kanya at sa mga kamangha-mangha Niyang ginawa.

Ang inilalarawan ng salitang ginamit sa pagbebendisyon ng Panginoon sa tao ay ang pag-luhod. Kapag tayo ay nakaluhod sa harapan ng Diyos, dalawang bagay ang ating pinahihiwatig: pagsamba at pagpapasakop. Samakatuwid ang pagpapala ng tao ay nasasa pagsamba at paglilingkod sa kanyang Maylikha. Ang kanyang kaligayahan ay kalakip ng dalawang bagay na ito.

Ang pagsamba ay ang pagbibigkas ng mga dakilang katangian ng Diyos katulad ng ating mga binanggit kanina na Kanyang mga transcendent at immanent attributes. Ito ay ang pagbibigkas din ng karapatan ng Diyos na tumanggap ng lahat ng kaluwalhatian, karangalan at pasasalamat. Ayon kay Cristo sa John 4:24, ang tamang paraan ng pagsamba sa Diyos ay pagsamba sa espiritu at katotohanan.

Ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagpapatupad ng Kanyang layunin para sa tao, ang original mandate na ibinigay kina Adam at Eve sa Garden of Eden before the fall: Ang maging mabunga at magparami ng bilang; ang pagpupuno ng mundo at pagsupil sa lupa; at ang pamamahala ng mga isda sa karagatan, mga ibon sa kalawakan, at lahat nang gumagalaw sa balat ng lupa.

Patungkol sa paglilingkod sa Diyos, ang tamang paraan ay ang paglilingkod lamang sa Kanya, at sa walang iba pa ayon sa Matthew 4:10. Sinabi pa ni Cristo sa Matthew 6:24 na, *Walang makapaglilingkod sa dalawang panginoon. Isa dito ay kanyang mamahalin at isa ang kanyang kamumuhian. Hindi mo magagawang maglingkod sa Diyos at sa Salapi.*

Ang mga Pilipino ay palasimba. Kaya naman kapag araw ng Linggo, punung-puno ang mga simbahan sa buong bansa. Subalit dapat nating siyasatin ang ating mga puso kung ang ginagawa nating pagsisimba ay nagiging ritual lamang at obligasyon. At ang ating mga dasal ay galing lamang sa bibig at hindi sa puso't kaluluwa.

Ang pagsamba at paglilingkod ay hindi mapaghihiwalay sa ating pamumuhay. Hindi maaaring masabi ng isang tao na siya ay sumasamba sa Diyos kung hindi naman siya naglilingkod. At hindi rin masasabing siya ay naglilingkod sa Diyos kung ang kanyang ginagawa ay hindi bunga ng kanyang pagsamba at pagmamahal sa Panginoon.

Hindi makita sa ating kultura na nagbubunga ang ating inaangking pagsamba at pag-lilingkod sa Diyos bilang mga Cristiano. Tayo ay nagsisimba ngunit hindi nagmamahalan. Tayo ay nagdarasal ngunit siraan nang siraan. Mayroon tayong tinatawag na *crab mentality*. Maging ang ating paligid ay puno ng basura. Ito ay nagpapatunay na hindi natin tunay na nauunawaan ang layunin ng Diyos para sa tao. O kung naiintindihan man, ito ay ating binabalewala.

## 404. Infinite Power

Ang Diyos ay Hari ng lahat ng mga hari. Walang di nasasakop ang Kanyang kapangyarihan. At ang kapangyarihang ito ay walang katapusan. Napapanatili Niya ang lahat ng bagay sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita. Siya ay gumagawa ng kahit anong bagay na Kanyang naisin; ginagawa Niya ito kung kailan Niya gustuhin at kung para sa anumang kadahilanan na kalugod-lugod sa Kanya. Ang paghaharing ito ay tinatawag na soberenidad ng Diyos.

Binanggit sa Lesson 1 ang mga transcendent attributes ng ating Diyos, isa rito ang Kanyang pagiging omnipotent o all-powerful. At isa pa ay ang pagiging infinite ng Kanyang mga katangian. Kaya ang ibig sabihin ng kapangyarihan ng Diyos ay yaong walang hangganan, walang limit. Ito ang kapangyarihan na nasa likuran ng soberenidad ng Diyos – ang Kanyang infinite power.

Ang pambungad na pahayag ng Diyos na taglay ng Bibliya ay ito: Nang simula ay nilikha ng Diyos ang langit at lupa. Ang dapat bigyan ng matalim na pansin sa Genesis Creation account ay ang katotohanan na ang ginawang paglikha ng Diyos sa universe ay sa pamamagitan lamang ng salita – nang pagbigkas ng katagang *Let there be.*

Sabi Niya, Let there be light and there was light! Ganito ang kapangyarihan ng Panginoong Diyos. Siya ay lumikha ng isang universe with all its complexities. God created time, space, energy and matter at ng mga batas na namamahala at nagpapagalaw sa mga ito, sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita at kalooban.

At mula sa lupa, lumikha Siya ng iba't-ibang uri ng hayop. At finally, hinubog ng Diyos ang Tao ayon sa Kanyang wangis mula sa alabok.

Nakapaloob sa John chapter 1:1-3 ang mga sumusunod: Sa simula ay ang Salita, at ang salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Siya ay kasama ng Diyos sa simula. Ang lahat ng bagay na nilikha ay nilikha sa pamamagitan Niya, at walang nilikha na hindi Siya kabahagi. At sa Kanya ay buhay at ang buhay ay ang liwanag ng tao.

At ang Salita ay nagkatawang lupa at nanahan sa ating kalagitnaan.

Nakapaloob naman sa Colossians 1:15-16 ang sumusunod: Si Jesu Cristo ang larawan ng hindi nakikitang Diyos at Siya ang lumikha ng lahat ng mga bagay na nasa langit at nasa lupa, nakikita at hindi nakikita, maging ang mga trono o mga pamunuan o kapangyarihan. Lahat ng mga bagay ay nilikha sa pamamagitan Niya at para sa Kanya. At Siya ay nauna pa sa lahat ng bagay. At sa Kanya nabubuo ang lahat ng bagay na nabubuo.

Sinasabi sa Hebrews 1:3 na controlado ni Cristo ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang salita.

Samakatuwid ang tinuturo ng Bibliya na ang walang hanggang kapangyarihan ng Diyos ay nasa persona ni Jesu Cristo. At pinatotohanan ito ng Kanyang mga ginawang milagro habang Siya ay nasa lupa. Ang bulag ay nakakita. Ang lumpo ay nakalakad. Ang bagyo ay tumahimik. Ang patay ay muling nabuhay at marami pang iba.

Minsan, nalaman ng Panginoong Jesus na ang Kanyang kaibigan na si Lazarus ay namatay na. Pinuntahan Niya ang lugar na kung saan nakahimlay ang katawan nito. Siya ay nanalangin at matapos ay isang sigaw ang pinawalan ng Panginoon, *Lazarus, halika rito.* Mula sa patay, bumangon nga si Lazarus at lumabas ng kanyang libingan. Ito ay kapangyarihan!

Nang ipako si Cristo sa krus, Siya ay namatay; Siya ay inilibing; subalit sa ikatlong araw, Siya ay bumangon mula sa mga patay. Kaya naman nang pumunta ang Kanyang mga kaibigan sa pinaglibingan sa Kanya, napag-alaman nila na si Cristo nga ay bumangon mula sa pagkamatay. Kapangyarihan!

Ang sinasabi sa Revelation 20:14-15 ay ganito, Pagkatapos ay itinapon din sa lawa ng apoy ang Kamatayan at ang Hades. Ang lawa ng apoy ang pangalawang kamatayan. Ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa aklat ng buhay ay itinapon sa lawa ng apoy. Kapangyarihan! Ang Diyos ay makapangyarihan.

Sa Matthew 10:28, ganito ang sinabi ni Jesus, *Huwag ninyong katakutan ang pumapatay ng katawan ngunit hindi naman nakakapatay ng kaluluwa. Sa halip, ang katakutan ninyo ay ang Diyos na may kakayahang pumuksa ng katawan at kaluluwa sa impiyerno.*

Ang kapangyarihan ng Diyos na taglay ng Panginoong Jesus ay walang hangganan.

## 405. Personal

Napakahalagang bagay sa buhay Cristiano ang makilala ang Diyos ng personal. Ito ang sinasabi sa John 17:3, And this is eternal life, that they may know you, the only true God, and Jesus Christ whom you have sent. Binigyan ng definition ng Lord ang eternal life. Sinabi Niya, this is eternal life that they may know you, referring to His sheep and to His Father. Ito ang buhay na walang hanggan, na makilala ka ng Aking mga tupa. Kailangang bigyang pansin ang sinabing ito ni Cristo – makilala ang Diyos. Iyon ang Kanyang kalooban – ang makilala natin ang Diyos.

Ang doctrina ng Holy Trinity ay katotohanan na hindi madaling unawain kaya mahirap tanggapin. Bagamat ang salitang Trinity ay hindi makikita sa Bibliya, maliwanag na ang Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Banal na Espiritu ay kinikilalang magkakaibang persona na nagtataglay ng iisang kalikasan – ang kalikasan na natatangi lamang sa Diyos.

Kaya ang Ama ay Diyos subalit hindi Siya ang Anak o ang Banal na Espiritu; ang Anak ay Diyos subalit Siya ay hindi ang Ama o ang Banal na Espiritu; at ang Banal na Espiritu ay Diyos subalit Siya ay hindi ang Ama o ang Anak. Isang transcendent being, tatlong persona.

Nabanggit natin kanina na tinuturo ng Bibliya na si Cristo ang luningning o ang kinang at larawan ng hindi nakikitang Diyos. At tinuturo rin ng Bibliya at tinuro rin ng Panginoong Jesus ang tungkol sa Holy Trinity. There are three Persons in one God. Ibig sabihin, may tatlong persona ang nagtataglay ng mga transcendent at immanent attributes. Ang tatlong persona ay may iisang divine nature, iisang eternal power. Walang pinagkaiba ang katangian at kalikasan ng Ama sa Anak, ng Anak sa Banal na Espiritu at ng Banal na Espiritu sa Ama, kaya masasabi natin na isang lang ang Diyos. Ang Diyos na may Tatlong Persona ay walang pinagkaiba subalit ang Ama ay hindi ang Anak, ang Anak ay hindi ang Ama, ang Ama ay hindi ang Banal na Espiritu at ang Banal na Espiritu ay hindi ang Ama o ang Anak. Subalit ang Ama ay Diyos, ang Anak ay Diyos at ang Banal na Espiritu ay Diyos.

Isa pang doctrina na mahirap unawain ay ang ang pagtataglay ni Jesu Cristo ng dalawang kalikasan – kalikasan ng Diyos at kalikasan ng tao. Ang dalawang kalikasang ito ay hindi mapaghihiwalay, mahahati, mapaghahalo o mababago. Nang si Cristo ay nasa lupa, Siya ay Immanuel, Diyos na kasama ng tao. Ngayong Siya ay nasa langit, Siya ay tao na kasama ng Diyos.

Ang Bibliya lamang ang nagtuturo ng doctrinang ito.

Ang doctrina ng Holy Trinity at ang dual nature ni Cristo ay unique sa Biblical Christianity, dahil sa mga katotohanang ito hindi na mahirap paniwalaan na ang transcendent God ay also immanent. Ang Diyos na malayo man ay malapit din.

Samakatuwid, ang mga katuruan na ang Diyos ay unknowable, impersonal or unapproachable ay kasinungalingan. Niliwanag ng Panginoong Jesus na Siya ang tanging daan patungo sa Diyos.

Ito ang tinatawag na Gospel of Jesus Christ – ang mabuting balita ng kaligtasan ng Diyos Ama sa pamamagitan ng Kanyang bugtong na Anak na si Jesus.

Ang John 3:16 ay tinataguriang Gospel in a nutshell – Sapagkat ganoon inibig ng Dios ang sanlibutan, kaya ipinagkaloob Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang manalig sa Kanya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng eternal life.

Binigyang diin din ng Panginoong Jesus ang katotohanang ito ng sabihin Niya na – *Ang nakikinig sa Salita Ko at naniniwala sa Kanya na nagsugo sa Akin ay may eternal life; hindi na siya daranas ng paghatol, sapagkat nailipat na siya mula sa kamatayan patungo sa buhay*. John 5:24

Binigyang kahulugan ni Cristo ang katagang eternal life at ito ang pagkilala sa Ama bilang tanging tunay na Diyos at kay Jesu Cristo na Kanyang sinugo.

Matapos banggitin ni Jesus na Siya ang daan, katotohanan at ang buhay. Na walang makararating sa Ama kundi sa pamamagitan Niya. John 14:6.

Sinabi ni Felipe ang ganito: Panginoon tama na sa akin na ipakita Ninyo ang Ama. Sinabi ni Jesus sa Kanya, matagal na tayong magkasama Felipe, at hindi mo pa rin ako kilala? Ang nakakita sa Akin ay nakakita sa Ama. John 14:9

Sa John 10:30, sinabi ni Cristo na Siya at ang Ama ay iisa. Ang Ama at Anak ay magkaibang persona subalit iisa ang kanilang pagkaDiyos.

Sa loob ng tatlong taon, kasama ni Jesus sa pangangaral tungkol sa kaharian ng Diyos ang Kanyang labindalawang apostol. Bagamat kasa-kasama ng mga apostol si Cristo nang ganoon katagal, day and night, hindi naging madali sa kanila ang mawari na ang Panginoong Jesus ay Diyos.

Mula sa pagkabata naiukit na sa kanilang isipan ang katuruan na ang Diyos ay isa lamang. Ito ang dahilan kung bakit kinakailangan na isugo ni Cristo ang Espiritu ng katotohanan – ang Banal na Espiritu upang maipaunawa sa mga mananampalataya ang katotohanan ng katuruan ng Panginoong Jesus. John 14:7; 15:26; 16:13

Makikilala natin ng personal ang Diyos kung kikilalanin natin si Cristo. Hindi natin mauunawaan ang Kanyang kalooban kung hindi natin aalamin ang katuruan ni Jesus. Hindi natin malalaman kung gaano kawalang-hanggan ang pagmamahal sa atin ng Diyos Ama kung hindi natin kikilalanin ang Diyos Anak. Hindi natin makikilala ang isang tao, kung hindi tayo maglalaan ng oras at panahon sa taong iyon. Kaya kung gusto nating makilala ang Diyos, kailangang kilalanin natin si Cristo sapagkat Siya lamang ang makapagdadala sa atin sa Ama. Siya lamang ang daan at ang tulay natin papunta sa Ama. Alalahanin natin ang sinabi ng Panginoong Jesus kina Tomas at Philip na, *Kung nakita niyo na Ako, nakita niyo na ang Ama at kung nakilala niyo na Ako, nakilala niyo na ang Ama.*

Kaya kung makikilala natin si Cristo, masasabi natin na nakilala natin ang Diyos. Sa ganoon, lumalago ang ating buhay na walang hanggan. Ang tinutukoy na eternal life natin rito ay hindi lamang patungkol sa haba ng panahon kundi ito ay may kinalaman sa kalidad ng ating buhay. Ang eternal life ay ang pagkakaroon ng true knowledge about who God is and all that He is kaya't kailangan nating maglaan ng oras at panahon sa Kanya.

Ang tanong ay ito: Paano natin makikilala ng personal si Cristo?

Makikilala natin si Cristo sa pamamagitan ng pag-aaral at pagbubulay-bulay ng Kanyang salita.

**I. Multiple Choice**

1. Ano ang ibig sabihin ng, "Ang Diyos ay transcendent"?
   a. Lahat ng bagay patungkol sa katangian ng Diyos ay kaya nating unawain.
   b. Ang katangian ng Diyos na hindi nasasakop ng kalawakan at kaisipan ng tao.
   c. Kaya nating isipin ang iniisip ng Diyos at gawin ang mga bagay na sa tingin natin ay gagawin ng Diyos.

2. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng pagiging matayog ng Diyos?
   a. Ang Diyos ay walang kapantay sa karunungan at kaalaman.

b. Alam ng Diyos ang laman ng ating puso at isip.
c. Walang kapangyarihan ang Diyos na mapigil ang paglaganap ng kasamaan sa mundo.

3. Ang Diyos ay omnipresent kaya
   a. Hindi na Niya mapapansin kung ano ang ginagawa ng lahat ng tao sa mundo.
   b. Naroon Siya sa lahat ng dako at sulok ng mundo.
   c. Kung ako ay nakatago sa closet, hindi na Niya ako makikita.

4. Ano ang ibig sabihin ng, “Ang Diyos ay immanent”?
   a. Ang Diyos ay malapit din at Siya ay nananahan sa limitsyon ng panahon ng tao.
   b. Siya ay lampas sa pinakamataas at malalim na pang-unawa ng tao.
   c. Ang Diyos ay minsan mauunawaan at minsan naman ay hindi depende sa ating nalalaman.

5. Paano natin mauunawaan ang matayog na Diyos?
   a. Lumapit at kilalanin ang Panginoong Jesus sapagkat Siya ang eksaktong representation ng Diyos.
   b. Magbasa ng iba’t-ibang babasahin patungkol sa Diyos.
   c. Pakinggan at paniwalaan ang iba’t-ibang turo patungkol sa Diyos.

6. Kinakailangan natin ng padrino upang makalapit sa matayog na Diyos.
   a. True
   b. False

7. Alin sa mga sumusunod na pangungusap patungkol sa pagsamba at paglilinkod sa Diyos ang tama?
   a. Ang pagsamba sa Diyos ay maaaring gawin kahit hindi ka naglilingkod sa Kanya.
   b. Ang paglilingkod sa Diyos ay possibleng gawin kahit hindi mo Siya sinasamba.
   c. Ang pagsamba at paglilingkod sa Diyos ay hindi maaaring paghiwalayin.

8. Alin sa mga sumusunod ang tamang paglilingkod sa Diyos?
   a. Pagsasakatuparan ng original mandate ng Diyos sa tao.
   b. Pagsisimba
   c. Pagdarasal

9. Sa creation pa lamang, mapagmamasdan na ang walang kapangyarihan ng Diyos. Sinabi Niya,
   a. Let there be light
   b. There can be light
   c. There might be light

10. Sa salita lamang ng Diyos ay napangyayari ang lahat.
    a. True
    b. False

11. Ano ang ibig sabihin ng soberenidad ng Diyos?
    a. Napapanatili Niya ang lahat ng bagay sa pamamagitan lamang ng Kanyang salita.
    b. Ang Diyos ay gumagawa ng kahit anong bagay na Kanyang naisin, kung kailan Niya gustuhin sa anumang kadahilanan na kalugod-lugod sa Kanya.
    c. All of the above

12. Piliin ang pangungusap na nagsasaad ng walang hanggang kapangyarihan ng Diyos.
    a. Binuhay Niya si Lazarus mula sa patay.
    b. Ang Diyos ay may kakayahang pumuksa ng katawan at kaluluwa sa impiyerno.
    c. All of the above

13. Paano natin makikilala ng personal ang Diyos?
    a. Sa pamamagitan ng pagmamasid sa sangnilikha.
    b. Sa pamamagitan ng pakilala natin kay Cristo Jesus.
    c. Sa pamamagitan ng pagsismba.

14. Paano natin makikilala ng personal si Cristo?
    a. Sa pamamagitan ng pananalangin.
    b. Sa pamamagitan ng pakikinig sa mga turo ng iba't-ibang preachers.
    c. Sa pamamagitan ng pag-aaral at pagbubulay-bulay ng Kanyang salita.

15. Isinugo ng Ama at ng Anak ang Banal na Espiritu
    a. Upang magkaroon Siya ng gawain.
    b. Upang ipaunawa sa mga mananampalataya ang mga katotohanan ng katuruan ni Cristo.
    c. All of the above

**II. Essay:** (At least 250 words)

1. Compose one (1) short devotion or essay: Ano ang pinaka-mahalagang bahagi ng pananaw sa buhay ang dapat baguhin ng ating mga kababayan?

***Note:***

*1. Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© Revised August 23, 2021 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.